# LEADERSHIP TRAINING 2017



# LEADERSHIP TRAINING




Sa ikaapat na taon ng Leadership Training ay madaming bagong kaalaman at karanasan ang naidagdag sa bawat center chief na dumalo. Ang programang ito ng Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI) ay sadyang dinisenyo upang hubugin ang kasanayan sa pamumuno ng mga nanay, hindi lamang sa kanilang sentro na kinabibilangan kundi maging sa kanilang pamilya at komunidad.

Ito ay ginanap mula Mayo hanggang Nobyembre. Kung saan iba't ibang center chief mula sa tatlong satellite offices (isang cluster) ang dumalo sa bawat session. Ito ay isinagawa sa iba't ibang resort. Sa kabuuan ay mayroong 372 na center chiefs ang nakadalo sa leadership training.

# LEADERSHIP TRAINING



Sa taong ito ay binigyang-diin ang paggawa para sa iyong kinabukasan. Ito ay pinamagatang 'Best Year Ever: Imagine your future now', sa pangunguna ni Bro. Boggs Burbos, Feast Builder ng Dasmariñas at Bacoor, sa ilalim ng Catholic Group na Light of Jesus Community.

Pinagtuunan ng pansin ang mga dapat gawin ng isang tao upang makamit ang tagumpay sa buhay. Kabilang na dito ang imagination, imitation, at implementation. Sa training na ito ay binigyan ng pagkakataon ang mga center chief na mangarap at magplano para sa kinabukasan ng kanilang pamilya.

Panahon din ito upang magsaya at mag-relax kasama ang mga kapwa nila center chief.







# REPLEKSIYON



*"Natutunan ko ang forgive and forget, at mag-move on sa mga nakaraan. Nabigyan ako ng mga pangaral na makakatulong sa aming pamumuhay. Salamat po sa Kasagana-ka na nagparanas sa amin nito at naramdaman namin na importante kami bilang center chief. Salamat sa napakasayang karanasan na ito."*

**-Ma. Lourdes Estilon, San Pedro SatO**

*"Natutunan ko kung paano maaayos ang aking buhay at kung paano tayo matututo na kumilos mag-isa, magkaroon ng disiplina at pagmamahal sa kapwa at higit sa lahat sa pamilya upang matupad ang mga pangarap sa buhay. Maraming salamat sa Kasagana-ka at nabigyan kami ng kasiyahan. Nawa ay lagi kayong maging matagumpay upang marami pa kayong matulungan."*

**-Maricel Orlina, Dasmarinas SatO**

# REPLEKSIYON

*"Ang pagtulong sa kapwa at pagmamahal sa kapwa at sa Panginoon Diyos ang una sa lahat. Maraming salamat sa mga programa at serbisyo na aming tinatanggap mula sa Kasagana-ka. Maraming salamat sa araw na ito, napakasaya at hindi ko malilimutan."*

**-Gloria Batoto, Camarin SatO**

*"Noon ako'y simpleng nanay na nagnenegosyo para kumita ng pera at makatulong sa aking pamilya... ngayon ay alam ko na kung saan ako masaya at kumikita ay nandoon ang aking kagalingan. Dapat din na ang pagiging center chief at pagtulong sa pag-aayos ng aming sentro ay isang biyaya na ibinigay sa amin ng Diyos. Maraming salamat, Kasagana-ka sa training na ibinigay niyo ngayon."*

**-Diana Dela Pena, Novaliches SatO**





**Isang karangalan ang mabigyan kayo ng kasiyahan.**

**Maraming salamat po!**

**NOBYEMBRE 2017**